## Samson

(Hukom 13-16)



Noong unang panahon, sa isang lupain na tinatawag na Israel, may isang lalaking bukod tangi ang lakas, siya ay nagngangalang Samson. Ang lakas ni Samson ay higit pa sa lakas na mayroon ang leon na tinuturing na pinakamabangis na hayop! Ang hindi kapani-paniwalang lakas na mayroon siya ay nagmumula lamang sa Diyos.

Bago pa ipanganak si Samson, nagpakita ang isang anghel ng Diyos sa kanyang ina. Sinabi niya na ang sanggol na lalaking kanyang ipapanganak ay hindi dapat putulan ng buhok mula pa sa kanyang pagsilang at siya ay ilalan sa Diyos. Siya ang magliligtas sa Israel mula sa mga Filisteo.

Ngayon, si Samson ay may mahabang buhok, at hinding-hindi niya ito ginugupit. Naniniwala si Samson na ang kanyang lakas ay nagmula sa kanyang buhok.

Isang araw, ang mga tao ng Israel ay ginugulo ng kanilang mga kaaway, ang mga Filisteo. Sila ay masama at gustong saktan ang mga Israelita. Ngunit may plano ang Diyos na tulungan ang kanyang mga tao, at pinili niya si Samson na maging kanilang tagapagtanggol.

Gumawa si Samson ng mga kamangha-manghang bagay! Minsan, nakipag-away siya sa isang leon at siya ay nanalo. Sa isa pang pagkakataon, natalo niya ang buong hukbo ng mga Filisteo gamit lamang ang buto ng panga ng isang asno.

Ngunit may kahinaan si Samson. Siya ay umibig sa isang babae na nagngangalang Delilah. Nang malaman ito ng kanyang mga magulang, siya ay kanilang pinaalalahanan sa kanyang ginagawa. Ngunit hindi siya nakinig.

Nais ng mga Filisteo na malaman ang sikreto ng lakas ni Samson, at si Delilah ang ginamit nila upang alamin ito.

Minsang sila'y magkasama, hiniling ni Delila kay Samson na sabihin sa kanya ang kanyang lihim. Ngunit siya ay nabigo. Hindi pinapaalam ni Samson sa kanya ang katotohanan. Ngunit hindi tumigil si Delilah. At sa wakas, sinabi sa kanya ni Samson na ang kanyang lakas ay nagmula sa kanyang buhok. Kaya, habang natutulog si Samson, ginupit ni Delila ang kanyang buhok, at nawala ang kanyang lakas!

Nahuli ng mga Filisteo si Samson, binulag at ikunulong. Lumipas ang panahon at muling humaba ang kanyang buhok.

Minsan nagkaroon ng kasiyan ang mga pinuno ng Filisteo. Labis ang kanilang kasiyahan dahil nabihag nila si Samson. Hiniling nila na ilabas si Samson upang sila ay aliwin. Pinatayo nila si Samson sa gitna ng dalawang haligi. Ngunit nanalangin si Samson sa Diyos para ibalik ang kanyang lakas sa huling pagkakataon. At dininig ng Diyos ang kanyang panalangin!

Sa isang mahusay na pagpapakita ng lakas at katapangan, itinulak ni Samson ang dalawang haligi ng gusali kung saan siya binihag. Ang buong gusali ay gumuho, at natalo ni Samson ang maraming Filisteo, kahit na ito ay nagbuwis ng kanyang sariling buhay.

Ang Diyos ang pinakamakapangyarihan at pinakadakila. Noong simula pa, pinili na ng Diyos si Samson upang iligtas ang mga Israelita mula sa mga Filisteo. Bagamat hindi naging maganda ang kinahinatnan ni Samson dahil sa kanyang pagsuway, ipinagkaloob Niya kay Samson ang kalakasan na kailangan nito sa pagkakataong kinailangan niya ito.

